# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 92*

***"1 Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan. 2 Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo. 3 At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng inyong kapatid, nguni't hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa iyong sariling mata? 4 O paanong sasabihin mo sa iyong kapatid, Pabayaan mong alisin ko ang puwing sa mata mo; at narito, ang tahilan sa iyong sariling mata? 5 Ikaw na mapagpaimbabaw, alisin mo muna ang tahilan sa iyong sariling mata; at kung magkagayo'y makikita mong malinaw ang pag-aalis mo ng puwing sa mata ng iyong kapatid. 6 Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang anomang banal, ni ihagis man ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy, baka yurakan ng kanilang mga paa, at mangagbalik at kayo'y lapain. 7 Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: 8 Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan. 9 O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay; 10 O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas? 11 Kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya?" (Mateo 7:1-11 KJV)***

***"1 Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan." (Mateo 7:1 KJV)*** * Narito ang ibig sabihin ni Jesus sa ***"Huwag kayong magsihatol,"*** ay hindi para sa mga may kapangyarihan at sa mga hukom na huwag hatulan ang mga nahuhuli sa my maling gawain o krimen. Hindi ito kapag dinidisiplina ng simbahan ang mga nagkakasala at gumagawa ng mali pagkatapos ng pagsisiyasat, pagsusuri sa mga katibayan, at pag alam ng katotohanan. Hindi ito kapag hinaharap mo ang isang tao na gumawa ng masama at ang kanyang maling gawain ay malinaw, ngunit ang ibig sabihin ni Jesus ay kapag narinig mo ang isang bagay o nakakita ka ng isang bagay at binibigyang kahulugan mo ito sa mas masahol pa na nababagay sa iyo at binibigkas ng iyong paghatol at ang mas masahol pa sa paghatol nang hindi nalalaman ang mga detalye, ng hindi pagtatanong ng tungkol sa katotohanan at walang pagsisiyasat at binibigkas mo ang iyong paghatol at ang iyong malalang paghatol sa walang malinaw na pinagbatayan. * Ito rin ay kapag hinatulan natin ang kaligtasan ng mga tao at nagpasiya kung ano ang kanilang kapalaran at pinalitan ang Dios nang walang tunay na kabatiran sa sitwasyon ng isang tao at kung bakit niya ginawa ang lahat ng ito.

Ngunit ilan sa mga tao'y ginagamit nila ang Banal na Kasulatang ito sa isang maling paraan, at sinasabing huwag hatulan sila kapag ang kanilang kasalanan o ang kanilang makasalanang paraan ng pamumuhay ay nakapakalinaw tulad n pangangalunya, pagsasama ng hindi kasal, pagkakaroon ng anak ng hindi kasal, pagnanakaw, pandaraya, pananamantala, o ibig pang masamang gawain at kapag hinarap mo sila gagamitin nila ang Kasulatang ito upang takasan ang pamumuna ng kasalanan.

***"1 Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan." (Mateo 7:1 KJV) "upang huwag kayong hatulan."*** * Kung gagawin mo ang gayon at kikilos ng katulad ng ganoon, pagbibigay ng malalang paghatol nang walang malinaw na batayan, kung gayon malalagay ka din sa gayong kalagayan at ikaw ay hahatulan ng walang kaunawaan at walang awa at konsiderasyon sa lahat ng iyong ginawa. * Ngunit kung humatol ka batay sa malinaw na mga patunay at ang iyong matibo ay malinaw upang supilin ang kasalanan at tulungan ang mga tao na bumalik sa tamang daan at ituwid ang kanilang buhay kung gayon iyon ay matuwid sa paningin ng Dios.

***"2 Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo." (Mateo 7:2 KJV) Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo:"*** Sa kung ano ang ginamit mo upang hatulan at sa kung ano ang ginawa mo, kung gayon ay ang parehong ay gagamitin at upang ilapat sa iyo. Kung dati ay hindi ka makatwiran kung gayon hahatulan ka rin ng hindi makatwiran. ***"at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo."*** Ano ang iyong layunin ng paghatol ay isusukat din, Ito ay dahil sa awa at pagtutuwid upang baguhin ng mga tao ang kanilang mga landas at lumapit at makipagkasundo sa Dios, at maranasan ang mabuting plano na mayroon ang Dios sa kanila; kung gayon ito ang panukat ng pagibig at patnubay ng Banal n Espiritu. O kung ikaw ay may bang ibang layunin, halimbawa upang maghiganti, upang patunayan ang isang bagay, upang ipakita ang iyong sarili na mas mabuti, o magmalaki sa mga tao, o apihin ang mg tao kung gayon ito ang panukat ng laman. Ganyan ang sinasabi ni Jesus dahil sa kaugalian ng mga Fariseo na kilala sa kanilang pagkukunwari na ginagawa nila ang mga bagay sa panlabas ay mukhang maganda ngunit may maling layunin at ang kanilang buhay ay puno ng kasakiman, pagibig sa pera, pagmamahal sa posisyon, panginoon, pagmamalaki, at pagpapakitang gilas.

***"3 At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng inyong kapatid, nguni't hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa iyong sariling mata? (Mateo 7:3 KJV)*** Hinaharap sila ngayon ni Jesus kung bakit nakikita nila ang puwing sa mata ng kanilang mga kapatid. Ang kahulugan ng puwing ay isang munti o maliit na sanga, na ibig sabihin ni Jesus ay kung bakit nakikita nila ang maliit na pagkakamali, o ang maliit na depekto sa ibang tao at sisiyasatin siya at iwasto sila, sawayin sila, parusahan sila nang husto, apihin sila, magmalaki sa kanila, ngunit

hindi nila isinasaalang alang ang tahilan na nasa kanilang sariling mga mata. Ang kahulugan ng tahilan ay isang malaking piraso ng kahoy; kung ano ang sinasabi ni Jesus sa kanila na hindi nila tinitingnan ang kanilang malaking maling ginagawa, ang kanilang kapalaluan at kayabangan, ang kanilang kasakiman, ang kanilang pagibig sa pera, ang kanilang pagiging matuwid sa sarili, ang kanilang pagkamuhi at ang kanilang masamang halimbawa ay hindi sila karapat dapat na itama ang iba kung hindi nila itinutuwid ang kanilang sarili. Kailangan nating itama ang ating sarili bago tayo pumunta at itama ang iba. Suriin natin ang ating sarili at tingnan kung ano ang mga kasalanan at masamang saloobin na kailangan nating talikuran bago tayo makapunta sa iba.

***"4 O paanong sasabihin mo sa iyong kapatid, Pabayaan mong alisin ko ang puwing sa mata mo; at narito, ang tahilan sa iyong sariling mata? (Mateo 7:4 KJV)*** Paano ka pupunta at sasawayin sila para sa kanilang maliit na kasalanan ngunit hindi mo hinaharap ang iyong malaking nagawang pagkakamali. Dapat kang mahiya sa gayon. Sila dapat ang mismong magsaway sa iyo at hindi yaong ikaw mismo ang magtutuwid sa kanila. Ibig sabihin din nito na hindi nakikita ng iba ang iyong maling mga gawain na itinatago mo. Hindi ka maaring taga saway sa iba kung hindi mo hinaharap una ang iyong lantarang mga kasalanan.

***"5 Ikaw na mapagpaimbabaw, alisin mo muna ang tahilan sa iyong sariling mata; at kung magkagayo'y makikita mong malinaw ang pag-aalis mo ng puwing sa mata ng iyong kapatid. (Mateo 7:5 KJV) "Ikaw na mapagpaimbabaw, alisin mo muna ang tahilan sa iyong sariling mata;"*** ang mapagimbabaw dito ay ang taong nakakakita at nagsasaway sa mga kasalanan ng ibang tao ngunit itinatago niya ang kanyang sariling ksalanan. Binigyan diin dito ni Jesus sa mga Eskriba at Fariseo na itinatago nila ang kanilang malaking kasalanan. Kinakailangang una nilang simulan harapin ang kanilang sariling kasalanan, bago sila pumunta sa iba. ***"at kung magkagayo'y makikita mong malinaw ang pag-aalis mo ng puwing sa mata ng iyong kapatid."*** Dahil sa malaking maling ginawang iyon, hindi nila makitang malinaw ang dapat nilang ituwid sa buhay ng ibang tao at kung ano ang kanilang pangangailangan. Kapag sila ay magsisisi sa kanilang mga kasalanan sila ang magiging tamang mga tao upang itama ang iba, makikita nila kung ano ang itama at ang iba ay handang makinig sa kanila.

***"6 Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang anomang banal, ni ihagis man ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy, baka yurakan ng kanilang mga paa, at mangagbalik at kayo'y lapain." (Mateo 7:6 KJV)*** Ang mga aso ay itinuturing bilang hindi malinis na hayop at hindi ipinapahintulot na mapasa templo. Ang ibig niyang sabihin dito na huwag ibigay ang Banal na Salita ng Dios sa mga taong masama at malupit na hindi pinapahalagahan ang malaking halaga ng Salita ng Dios. Ito ay katulad ng paghahagis ng mamahaling perlas sa baboy, na isa pang hindi malinis na hayop ayon sa kautusan. Sa gayon ibinibigay ni Cristo ang babala at tinatawag tayo upang magkaroon ng pag iingat at pagkilala, at huwag magpayo o magsuway sa isang marahas sa masamang tao dahil ito'y magdudulot sa atin upang lusubin, usigin at saktan ng gayong mga tao. ***"7 Siyang sumasaway sa manglilibak ay nagtataglay ng kahihiyan sa kaniyang sarili: at siyang sumasaway sa masama ay nagtataglay ng pula sa kaniyang sarili. 8 Huwag mong sawayin ang manglilibak, baka ipagtanim ka niya: sawayin mo ang pantas, at kaniyang iibigin ka." (Kawikaan 9:7-8 KJV)***

***"7 Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan:" (Mateo 7:7 KJV)*** Muli sinasabi ng Panginoong Jesus dito ang tungkol sa kahalagahan ng pananalangin, at kung paanong ang panalangin sa Dios ay mahalaga upang magbigay sa ating pang araw-araw mula sa pagkain, inumin, damit at ibang mahahalagang bagay. Naunang sinabi ni Jesus sa kanila sa ***Mateo 6*** tulad ng tinalakay natin ang tungkol sa panalangin, ***"Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw." (Mateo 6:11 KJV)*** at kalaunan, na huwag mag alala at huwag magkamali at mabalisa kung anong kakanin, ano ang iinumin, at anong susuutin, at ngayon itinuturo Niya sa kanilang muli ang tungkol sa pananalangin. ***"Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo:"*** Itinuturo ni Jesus kung paanong lumapit sa Dios sa pananalangin at paghingi sa Kanya na bigyan sila ng kanilang kailangan at ang kanilang pangangailangan sa araw-araw na buhay. Kailangan nating hinggin sa Dios para sa ating pang araw-araw na pangangailangan, at kailangan nating hinggin na huwag hingin ang kagustuhan natin upang ilaan sa ibang mga bagay.***"2 Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala: kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring kamtan: kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka; kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi. 3 Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't nagsisihingi kayo ng masama, upang gugulin sa inyong mga kalayawan." (Santiago 4:2-3 KJV)*** Kailangan nating humingi nang may pananampalataya, ***"22 At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios. 23 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon. 24 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin." (Marcus 11:22-24 KJV)*** Kailangan nating hinggin ang karunungan, paggabay, at paghuhusga kung paanong pangasiwaan ang ating buhay at ang kritikal na mga pasya na kailangan nating kunin, ***"5 Nguni't kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya." (Santiago 1:5 KJV)*** At kapag tayo'y nanalangin at hinggin sa Dios na ibigay sa atin ang karunungan o anuman na kailangan nating hingin, kailangang hinggin natin ito ng walang pag aalinlangan. ***"6 Nguni't humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang***

***pagaalinlangan: sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila. 7 Sapagka't huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng anoman bagay sa Panginoon; 8 Ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad." (Santiago 1:6-8 KJV)***

***"magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong;*** ito ay tungkol din sa pananalanagin tayo ay tinawag upang hanapin ang kalooban ng Dios at kung ano ang nasa kanyang isip patungo sa atin, kung ano ang nais Niyang ibigay sa atin at kung ano ang nais Niyang gawin natin, ***"6 Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit; 7 Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya; at sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana." (Isaias 55:6-7 KJV)*** Ang paghahanap sa Dios ay pagtawag para sa magsisisi, upang talikdan ang mga paraang masama at ang pag iisip na masama, at bumalik sa Dios para tanggapin ang awa mula a Kanya, upang ang ating mga kasalanan ay mapatawad. * Ang paghahanap sa Dios ay upang hanapin ang Kanyang mukha at hindi ang Kanyang kamay, ***"Nang iyong sabihin, hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi sa iyo, ang iyong mukha, Panginoon, ay hahanapin ko." (Awit 27:8 KJV)*** Ang paghahanap sa kamay ng Dios ay nagngahulugang naghahanap para materyal na mga bagay, ngunit ang paghahanap sa mukha ng Dios ay upang paluguran ang Dios at mapasaya Siya at bigyang kagalakan Siya habang nagtitiis tayong matakot sa Kanya, sumunod sa Kanya, lumakad sa Kanyang mga landas, at gawin ang Kanyang kalooban.

***"magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan:"*** * Muli ang aral na ito ay tungkol sa pananalangin na kailangan nating tumayo sa Kanyang pintuan at magmakaawa sa Kanya at patuloy na kumatok hanggang bumangon Siya at buksan ang pintuan para sa atin. Kailangang patuloy tayong kumatok sa pintuan ng Dios nang hindi pumupunta sa ibang mga pintuan. Kailangan nating maging matapang sa ating pagkatok, tulad ng mababasa natin sa Lucas na nagtapos sa katulad sa kung anong mayroon tayo sa ***Mateo 7:7-8, "5 At sinabi niya sa kanila, Sino sa inyo ang magkakaroon ng isang kaibigan, at paroroon sa kaniya sa hating gabi, at sa kaniya'y sasabihin, Kaibigan, pahiramin mo ako ng tatlong tinapay; 6 Sapagka't dumarating sa akin na galing sa paglalakbay ang isa kong kaibigan, at wala akong maihain sa kaniya; 7 At siya na mula sa loob ay sasagot at sasabihin, Huwag mo akong bagabagin: nalalapat na ang pinto, at kasama ko sa hihigan ang aking mga anak; hindi ako makabangon at makapagbigay sa iyo? 8 Sinasabi ko sa inyo, Kahit siya'y hindi bumangon, at magbigay sa kaniya, dahil sa siya'y kaibigan niya, gayon ma'y dahil sa kaniyang pagbagabag ay siya'y magbabangon at ibibigay gaano man ang kinakailangan niya. 9 At sinasabi ko sa inyo, Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakakasumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan. 10 Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan. " (Lucas 11:5-10 KJV)*** Ang lalaki dito sa talinghagang ito at tumayo at ibinigay ang pangangailangan ng kaibigan na kumatok sa pintuan sa kalagintaan ng gabi dahil siya ay matapang, paulit-ulit at patuloy sa pagkatok sa pintuan. * Kaya kailangan nating maging matapang, paulit-ulit at patuloy sa pagkatok sa pintuan ng Dios hanggang buksan Niya sa pintuan sa atin gaya ng mababasa natin sa ***Mateo 7:8 "at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan."*** Kailangan din nating maging kaibigan ang Dios na alam Niya na tayo ay masunurin sa Kanya, at dapat din tayong magkaroon ng tunay na dahilan sa ating hinihiling at nananalangin sa Dios; para sa pangangailangan at hindi sa kagustuhan.

***"8 Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan." (Mateo 7:8 KJV)*** Gagantimpalaan ng Dios ang lumalapit sa Dios at humihingi sa Kanya sa panalangin. Gagantimpalaan tayo ng Dios sa paglapit natin sa Kanya. ***"Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap;"*** Gagantimpalaan ng Dios ang mga nagsisihanap sa Kanya. Tunay na masusumpungan natin ang Dios, ang Kanyang kalooban, ang Kanyang mabuting plano para sa atin, at ang Kanyang lingap sa ating buhay kapag hinanap natin Siya ng buong ating puso. ***"11 Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng PANGINOON, mga pagiisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas. 12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo. 13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso." (Jeremias 29:11-13 KJV)*** Magagawa mong makuha ang mabuting plano ng Dios at manunumbalik ka kapag hinanap mo at sinisiyat ang Dios ng buong puso mo.

Didinggin ng Dios an gating mga panalangin at sasagutin tauon kapag hiniling natin ang naayon sa Kanyang kalooban, ***"14 At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya: 15 At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi." (1 Juan 5:14-15 KJV)*** Habang hinanap natin ang Dios, ang Kanyang Kaharian at ang Kanyang katuwiran, kung gayon ang lahat ng mga bagay at idaragdag sa atin, ***"33 Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." (Mateo 6:33 KJV)*** At matatagpuan natin ang tunay na buhay kapag sumunod tayo sa kabutihan at awa, ***"21 Ang***

***sumusunod sa katuwiran at kagandahang-loob nakakasumpong ng buhay, katuwiran, at karangalan." (Kawikaan 21:21 KJV)***

***"9 O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay." (Mateo 7:9 KJV)*** Walang aman tatanggi na bigyan ang kanyang anak ng tinapay na kanyang kailanagn at sa halip ay bigyan siya ng bato na makakasakit sa kanya maliban ang ama ay masamang tao. ***"10 O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas?" (Mateo 7:10 KJV)*** Walang ama at tatangging bigyan ang kanyang anak ng isda na kanyang kailangan at sa halip bigyan siya ng isang ahas na makakasakit sa kanya maliban na siya ay msama, na hindi niya ibibigay sa kanya ang mga pangunahing pangangailangan. Sa ***Lucas 11*** ay nagdagdag si Jesus ng alakdan na makasasama sa kanya sa halip na itlog, ***"12 O kung siya'y humingi ng itlog, kaniyang bibigyan kaya siya ng alakdan? " (Lucas 11:12)*** Walang amamh gagawa ng gayon at hind ibibigay ang pangkaraniwang pangangailangan para sa kanyang mga anak.***"11 Kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya? (Mateo 7:11)*** Sa parehong paraan binigyan tayo ng Dios ng mabubuting bagay nang natutunang nating lumapit sa Dios at humingi sa Kanya, ipakumbaba ang ating sarili at bumalik sa Kanya sa pagsisisi, pagkatok sa Kanyang pintuan at hanapin ang Kanyang mukha.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon sa pananalangin, tayo ngayon ay magsisi sa ating mga kasalanan, at talikdan natin ang ating maling pag iisip at maling paghatol sa iba. Hatulan natin ang ating sariling kasalanan at maling ginagawa at alisin muna natin ang tahilan sa ating mga mata bago tayo lumapit sa iba, sawayin sila at punahin sila at sikaping alisin ang puwing sa kanilang mga mata.

Maging matalino tayo at huwag itapon ang mahalagang Salita ng Dios sa karumaldumal, sa mga mapanghimagsik at marahas na tao.

Iwaksi natin ang kasakiman, kapalaluan, kayabangan, pagpapaimbabaw, at lumapit sa Diyos nang may pagsisisi, sa mga panalangin na humihingi sa Kanya na tulungan tayo, ibigay ang ating pangangailangan. Hilingin natin sa Diyos ang karunungan at paghuhusga, at hanapin ang Kanyang kalooban, kumatok sa Kanyang pintuan at hanapin ang Kanyang mukha, upang matagpuan natin Siya at mapagpala Niya.
Tayo ay manalagin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagbigay sa akin ng pagsaway at pagwawasto at ibinigay ang aral na kailangan ko at ipinakita sa akin ang iyong mga landas.*

*Ipagtapat natin at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipagtapat at itakwil ang iyong kapalaluan, ang pagiging mapagmataas, hindi makita ang tahilan sa iyong mga mata at palakihin ang muta sa paningin ng iba, na itinuturing ang iyong sarili na mas mataas kaysa sa iba. Iwaksi ang pagiging mapanghusga nang walang malinaw na katibayan at malinaw na batayan. Talikuran ang paghatol sa iba na pagkuha sa lugar ng Dios. Iwaksi ang iyong maling motibo sa paghuhusga. Iwaksi ang pagtanggi na maituwid ng iba para sa iyong malinaw na mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong kasakiman, pagpapaimbabaw pag ibig sa pera, pagmamahal sa posisyon, pagmamalaki, at pagmamalaki. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa paghuhusga, pagmamasid at karunungan. Iwaksi ang paghagis ng mga perlas sa iba na mga hangal, marahas at nakakapinsala sa iyo. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa panalangin, ang iyong mga pag aalinlangan at umamin na ginagawa ang iyong sariling kalooban at plano at hindi hinahanap ang Kanyang kalooban at plano..*

*Panginoon ipinagtatapat at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan* ______________________

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang sumsunod na aral na aking natutunan mula sa mensaheng ito* ______________________

*Panginoon Ako'y lumalapit sa iyo, matapang na kumakatok sa iyong pintuan, hinahanap ang iyong mukha at ang iyong kalooban. Panginoon magsalita ka sa akin, sagutin mo ako, buksan ang pintuan sa akin at ibigay ang aking pangangailangan at ituwid ako sa mabuting plano na mayroon ka sa akin.*

*Panginoon hinihiling ko sa iyo na bigyan mo ako ng karunungan, pagkilala, mabuting pagpapasya ng kung paanong ipamuhay at gumawa ng tamang pasya sa aking buhay.*

*Panginoon nagtitiwala ako na kaya mo akong ilabas sa pagsubok na ito ng buhay* ______________________.

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay at ang kanilang mga landas sa iyo at sinimulang hanapin ang iyong mukha.*

*Panginoon protektahan sila at patuloy na ibigay ang kanilang mga pangangailangan, at bigyan sila ng karunungan at patnubayan sila sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan bilang ipinapangako naming ang aming sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon habang hinahanap namin ang iyong mukha, kami'y nagtitiwala sa iyo na masusumpungan ka naming at masusumpungan namin ang iyong kalooban, at sa gayon ay patnubayan kami na gawin ang iyong kalooban at ang iyong layunin sa aming buhay. Panginoon bigyan kami ng karunungan at pagkilala kung paanong hawakan ang iba't ibang kalagayan na ipinahintulot mong pagdaanan namin bilang isang simbahan. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio at abutin ang bagong mga tao, at gumawa ng mga alagad at sanayin ang maraming manggagawa upang magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama angb sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesu Cristo at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 92. Mateo 7:1-11. Mga Kawikaan 9:7-8. Mateo 6:11. Santiago 4:2-3. Marcos 11:22-24. Santiago 1:5. Santiago 1:6-8. Isaias 55:6-7. Mga Awit 27:8 Lucas 11:5-10. Jeremias 29:11-13. 1 Ni Juan 5:14-15. Mateo 6:33. Kawikaan 21:21. Lucas 11:12.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com